# Walang Hanggang Ama

## NOTES

## WARM-UP

- Gusto mo bang nagbibigay ng regalo sa iyong mga kaibigan at kapamilya mo kahit na walang espesyal na okasyon? Bakit oo o bakit hindi?
- Ikaw ba ay sentimental sa mga regalong natatanggap mo at ginagawa mo ang lahat na maaari mong gawin upang pangalagaan sila? Bakit oo o bakit hindi?
- Sino ang hinahangaan mong tao? Ano ang hinahangaan mo sa kanya?

**WORD**

*Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang "Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan."* **ISAIAS 9:6**

---

Si Jesus, na tinawag ni Isaias bilang ating *Walang Hanggang Ama*, ang pinakamagandang regalo sa atin ng Diyos. Ibinigay sa Bibliya ang kaibahan ng Diyos Ama at ni Jesus, na Anak ng Diyos. Sa kanyang pagtawag kay Jesus bilang Ama, hindi sinasabi ni Isaias na ang Ama at ang Anak ay iisang panauhan. Bagkus, sinasabi niya na si Jesus ay isang "ama" o isang tagapagtanggol, isang ulirang hari na nangangalaga sa Kanyang mga mamamayan. Nangangahulugan din ito na si Jesus ang may-akda o pinagmumulan ng isang bagong paraan ng pamumuhay, na Kanyang ibinibigay sa mga nagtitiwala sa Kanya. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang ibig sabihin ng pagiging *Walang Hanggang Ama* ni Jesus para sa atin.

## 1 Si Jesus ang pinagmulan ng buhay.

*3Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. 4Ang salita ang pinagmumulan ng buhay, at ang buhay na ito'y ilaw, dahil ito ang nagbibigay-liwanag sa mga tao.* **JUAN 1:3,4**

Ang buhay na mayroon tayo ngayon ay nilikha sa pamamagitan ni Jesus. Hindi lamang iyon, ipinangako ni Jesus na tayo ay mabibigyan ng bagong buhay na walang hanggan. Samakatuwid, tinawag ni Isaias si Jesus na *Walang Hanggang Ama* dahil Siya ang may likha o pinagmulan ng buhay. Ayon sa talatang ito, paano nagawa ang lahat ng bagay?

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

## 2 Si Jesus ang sentro ng buhay.

*"Ako ang puno ng ubas, at kayo ang aking mga sanga. Ang taong nananatili sa akin at ako sa kanya ay mamumunga nang marami. Sapagkat wala kayong magagawa kung hiwalay kayo sa akin."* **JUAN 15:5**

Ang ating buhay ay walang saysay kung wala tayo kay Jesus. Wala tayong maaaring dalhin mula sa mundong ito sa oras ng ating kamatayan. Subalit kung ibibigay natin ang ating pagtitiwala kay Jesus, mananabik tayo sa buhay na walang hanggan kasama ang Diyos sa oras ng ating paglisan sa mundong ito. Ano ang ibig sabihin ng pananatili kay Jesus?

................................................................................

................................................................................

................................................................................

................................................................................

## 3 Si Jesus ang tagapagbigay ng buhay na walang hanggan.

*At ito ang kahulugan ng buhay na walang hanggan: ang makilala ka ng mga tao na ikaw lang ang tunay na Diyos, at makilala rin nila ako na isinugo mo.* **JUAN 17:3**

Si Jesus ay hindi lamang pinagmulan ng buhay, Siya din ang tagapagbigay ng buhay na walang hanggan. Kay Cristo, maaari nating makamit ang libreng regalo na buhay na walang hanggan. Hindi na natin ito kailangang paghirapan upang pagpagurang pang makamit; ito ay ibinibigay sa lahat ng naniniwala kay Jesus at tumanggap ng kanyang regalo. Ayon sa talatang ito, ano ang buhay na walang hanggan?

................................................................................

................................................................................

................................................................................

................................................................................

## APPLICATION

- Paano mababago ang buhay mo ng kaalaman na ang Diyos ay ang iyong Ama magpakailanman? Ano ang isang kaisipan o isang bagay sa iyong buhay na dapat magbago at ano ang gagawin mo tungkol dito?
- Basahin at pag-isipan ang nakasulat sa Lucas 6:46. May bahagi ba ng iyong buhay kung saan hindi mo ginagawa ang sinasabi ni Jesus? Bakit mahirap para sa iyo ang sundin si Jesus sa bahaging ito ng iyong buhay.
- Sa iyong mga kapamilya at kaibigan, isipin ang isang tao na hindi pa naka-aalam ng buhay na walang hanggan na ibinibigay ni Jesus. Handa ka na bang ihayag ang ebanghelyo sa kanya ngayong linggo? Papaano mo ito mapaghahandaan?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa buhay na walang hanggan. Kilalanin na Siya ang pinagmulan ng iyong buhay.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na sumunod sa Kanya at ilagay Siya sa gitna ng iyong buhay.
- Hingin sa Diyos ang katapangan na maipahayag ang ebanghelyo ng agaran at sa bawat pagkakataon.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph